BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

## PAHAYAG SA MEDIA

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Nobyembre 15, 2022
**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Erin DeMerritt - 415.517.4147

# Programang *Charge!* ng Distrito ng Hangin, tumutulong sa pagpopondo ng mga charging station para sa mga de-kuryenteng sasakyan

**SAN FRANCISCO –** Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ang availability ng $5 milyon sa pamamagitan ng programang *Charge!*, na nagbibigay ng pondo sa grant para makatulong sa gastusin sa pagbili at paglalagay ng mga bagong charger para sa mga light-duty na de-kuryenteng sasakyan.

Popondohan ng programa ang paglalagay ng mga charging station para sa mga de-kuryenteng sasakyan sa kahabaan ng mga koridor ng transportasyon, pasilidad para sa multi-family na pabahay, destinasyon, lokasyon ng parking ng pampublikong transportasyon, at lugar ng trabaho sa buong Bay Area.

"Habang nagsisikap kaming pabilisin ang paglipat sa mga de-kuryenteng sasakyan, dapat ding pagtuunan ang mga komunidad at residenteng pinakaapektado ng polusyon sa hangin," sabi ni Sharon Landers, ang pansamantalang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. "Tumutulong ang programang *Charge!* na buuin ang napakahalagang imprastruktura sa mga komunidad na pinakanangangailangan nito para makinabang ang lahat ng residente ng Bay Area sa mga benepisyo ng pagmamaneho ng de-kuryenteng sasakyan."

Ini-update ang programang *Charge!* para isapriyoridad ang mga investment sa mga lugar ng multi-family na pabahay, partikular na sa mga lugar ng pabahay na abot-kaya at mas mababa sa market rate, at sa Mga Lugar ng May Priyoridad na Populasyon gaya ng inilalarawan ng Lupon ng Mga Resource ng Hangin ng California. Available ang pondo sa mga pampublikong ahensya, negosyo, samahan ng mga may-ari ng bahay, at non-profit. Tatanggap ng mga aplikasyon hanggang Marso 3, 2023.

Ang minimum na kwalipikadong grant para sa bawat iminumungkahing proyekto ay $250,000, maliban sa mga proyektong sino-sponsor ng pamahalaan at proyektong eksklusibong makikita sa mga lugar ng multi-family na pabahay, na magkakwalipika sa minimum na grant na $10,000. Bibigyang-priyoridad ang mga iminumungkahing proyekto sa mga rehiyon kung saan mas kaunti ang charger. Para sa karagdagang impormasyon, at mga dokumento ng gabay sa programa at online na aplikasyon, bumisita sa www.baaqmd.gov/charge.

*Ang pondo para sa programang Charge!* ay mula sa surcharge sa mga sasakyang de-motor na nakarehistro sa Bay Area, na, mula pa noong 1991, ay may mga sinuportahan na ring programa para sa mga sasakyan at imprastruktura para sa malinis na hangin, ride sharing, shuttle, at pasilidad para sa mga bisikleta.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

---

*Air District Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105*
*Homepage ng Distrito ng Hangin* | *Mga Pahayag sa Media*